DULA

Ang Parol ng Barangay: Dula tungkol sa Pasko

Orihinal na dula ng akingmaiklingkwento.com para sa programa ng Pasko. Malayang gamitin sa klase; banggitin ang pinagmulan.

Mga tauhan

• TINTIN: 11 taong gulang; mapagmasid at matiyaga. Siya ang nagtutulak sa kapatid na huwag sumuko.

• BOBOT: 8 taong gulang; kapatid ni Tintin; ang pinakamasigla sa grupo at ang unang nakaunawa sa aral.

• LOLO ISKO: 70 taong gulang; dating gumagawa ng parol; huminto matapos mamatay ang asawa niyang si Lola Pepang.

• KAPITANA REMEDIOS: Punong barangay; nangunguna sa paghahanda ng Parol Festival.

• GURO MARIA: Guro at tagapagpakilala sa programa.

• ALING NENA: May-ari ng maliit na tindahan na nawalan ng bubong sa bagyo.

• MGA MANONOOD NG BARANGAY: Opsyonal: 4 hanggang 8 mag-aaral na may dalang maliliit na parol sa huling tagpo.

Script: Ang Parol ng Barangay

I. Bakuran ni Lolo Isko. Hapon, isang araw matapos ang bagyo. May bangko at maliit na mesa. Nakaupo si LOLO ISKO at nagpapakinis ng mga tingting. Pumasok sina TINTIN at BOBOT, dala ang parol na papel na basa at nalukot.

BOBOT: (halos umiiyak) Ate, wala na. Lamog na ang parol natin.

TINTIN: (itinataas ang parol) Nabasa ng ulan kagabi. Dalawang gabi ko itong ginawa, Bobot.

LOLO ISKO: (hindi lumilingon) Kilala ko ang amoy ng basang papel. Amoy bagyo.

BOBOT: Lolo, hindi na po ba kami makasasali sa Parol Festival bukas ng gabi?

TINTIN: Wala na po kaming pambili ng bagong papel. Pati kola, ubos na.

LOLO ISKO: (tumayo, kinapa ang lamog na papel) Ang papel, nasisira. Pero hindi papel ang parol, apo.

TINTIN: Ano po ito, kung hindi papel?

LOLO ISKO: (ngumiti nang kaunti) Ilaw. Ang papel at kawayan, bahay lang iyon ng ilaw.

II. Sa parehong bakuran. Gabi na. Nakalatag sa mesa ang mga tingting, mga bote ng softdrinks na hiniwa, balat ng kendi, kola at alambre. Naroon sina LOLO ISKO, TINTIN at BOBOT.

BOBOT: (nakataas ang balat ng kendi) Lolo, basura po ito.

LOLO ISKO: Basura, kapag itinapon. Parol, kapag may nagbigay ng pangalawang buhay.

TINTIN: (umupo sa tabi niya) Lolo, bakit po hindi na kayo gumagawa ng parol? Sabi ni Nanay, kayo ang pinakamagaling noon sa buong barangay.

LOLO ISKO: (tumigil sandali) Si Lola Pepang ninyo ang pumipili ng mga kulay. Ako lang ang tagatali ng kawayan. Nang mawala siya, parang naubusan din ako ng ilaw.

BOBOT: (maingat) Lolo, kami na po ang magpipili ng kulay.

LOLO ISKO: (tumawa nang mahina) Sige. Una, itali ang limang tingting na parang bituin. Dahan-dahan lang. Ang bituing nagmamadali, baluktot.

TINTIN: (habang nagtatali) Kapag natapos po ito, mananalo po ba kami?

LOLO ISKO: Hindi ko alam. Ang alam ko, ang parol na ginawa ng may layunin ay may sariling liwanag, manalo man o hindi.

III. Plaza ng barangay. Gabi ng Parol Festival. May mga nakasabit na parol. Sa gilid, nakaupo si ALING NENA sa tabi ng sira-sirang tindahan na walang bubong. Naroon ang KAPITANA, si GURO MARIA at ang mga manonood.

GURO MARIA: (sa mikropono) Magandang gabi po, mga ka-barangay! Kahit sinalanta tayo ng bagyo, narito pa rin tayo, at narito pa rin ang ating mga parol!

KAPITANA: (tumayo) Bago natin ianunsyo ang mga nanalo, gusto kong pasalamatan ang lahat ng nagsikap. Hindi natin napigilan ang bagyo, pero hindi nito napatay ang ilaw ng Pasko sa barangay natin.

GURO MARIA: Ang unang gantimpala ay mapupunta sa Sitio Silangan, para sa parol na may kumikislap na mga ilaw!

TINTIN: (mahinang bulong kay Bobot) Hindi tayo nanalo.

BOBOT: (nakayuko, hawak ang parol na gawa sa bote) Ate, bakit po parang hindi ako malungkot?

TINTIN: (nagulat) Ano?

BOBOT: Kasi po ang ganda ng parol natin kapag nakasindi.

LOLO ISKO: (tumayo sa likuran nila) Tingnan ninyo si Aling Nena.

TINTIN: (tumingin sa tindahan) Aling Nena! Bakit po kayo nakaupo sa dilim?

ALING NENA: (pinunasan ang mata) Nasa bubong ang kuryente ko, iha. Lumipad ang bubong, lumipad ang mga paninda. Ngayong Pasko, wala kahit isang ilaw sa tindahan ko.

BOBOT: (tumingin kay Tintin) Ate.

TINTIN: (tumango) Aling Nena, may dala po kami.

(Dahan-dahang isinabit nina TINTIN at BOBOT ang parol na gawa sa bote at balat ng kendi sa harap ng tindahan. Sinindihan ito ni LOLO ISKO. Lumiwanag ang entablado.)

ALING NENA: (hindi makapagsalita, tinakpan ang bibig) Hindi ko akalaing may liwanag pang darating ngayong gabi.

GURO MARIA: (sa mikropono, marahan) Mga ka-barangay, tingnan ninyo.

KAPITANA: (dumukot ng maliit na parol mula sa bag, isinabit sa tindahan) Hindi pa tapos ang paligsahan, mga kaibigan. Ito ang gantimpalang hindi nasusukat.

(Isa-isang lumapit ang mga manonood na may dalang maliliit na parol at isinabit sa paligid ng tindahan. Lumiwanag ang buong entablado.)

BOBOT: (masaya) Lolo, bakit po ang daming ilaw?

LOLO ISKO: Kasi may isang nagsindi, apo.

TINTIN: (sa mga manonood) Hindi po pala bituin ang sukatan ng parol. Ang liwanag po na naibabahagi.

(Dahan-dahang dumilim ang entablado hanggang sa ang parol na lamang nina TINTIN at BOBOT ang may liwanag. WAKAS.)

Props

- Bangko at maliit na mesa
- Mga tingting o patpat, alambre at kola (puwedeng gayahin gamit ang karton)
- Bote ng softdrinks na hiniwa at balat ng kendi (para sa "parol na gawa sa bote")
- Isang parol na papel na lamog (unang tagpo)
- Isang parol na gawa sa bote at balat ng kendi na may ilaw na de-baterya (huling tagpo)
- Mikroponong laruan o pamalit para kay Guro Maria

- Mga maliliit na parol (para sa mga manonood sa huling tagpo)
- Sirang tindahan: kahong may nakasabit na yero o karton

Gabay sa pagtatanghal

- Mga 10 hanggang 12 minuto kapag itinanghal.
- Anim ang pangunahing aktor; maaaring dagdagan ng mga manonood ng barangay sa huling tagpo.
- Ang ilaw ang pinakamahalagang "tauhan": dimlight sa unang dalawang tagpo, mas maliwanag sa plaza, at unti-unting liliwanag sa dulo.
- Ensayo: una, basahin nang sama-sama; ikalawa, ilatag ang galaw sa entablado; ikatlo, ensayo na may ilaw at props.
- Para sa mas maliit na grupo: pagsamahin si Guro Maria at ang Kapitana sa isang aktor.

Gawain: sagutin ang mga tanong

1. Ano ang suliranin ni Tintin at Bobot sa simula?
2. Ano ang ibig sabihin ni Lolo Isko nang sabihin niyang "ilaw ang parol, hindi papel"?
3. Bakit huminto si Lolo Isko sa paggawa ng parol?
4. Ano ang kasukdulan ng dula?
5. Ano ang aral ng dula?
6. Kung ikaw si Tintin, gagawin mo rin ba ang ginawa niya? Bakit?

Mga sagot

1. Nasira ng ulan ang kanilang parol na papel at wala silang pambili ng bagong materyales para sa Parol Festival.
2. Na ang tunay na halaga ng parol ay ang liwanag at layunin nito, hindi ang materyales.
3. Dahil namatay ang asawa niyang si Lola Pepang, na siyang pumipili ng mga kulay.
4. Nang makita nina Tintin at Bobot na walang ilaw si Aling Nena at nagpasya silang isabit ang kanilang parol sa tindahan nito.
5. Ang liwanag ng Pasko ay lalong nagniningning kapag ibinabahagi.
6. Malayang sagot. Hayaang magbigay ang mag-aaral ng dahilan.